



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

LINGGO NG PALASPAS SA PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON (K) • ABRIL 14, 2019

Ang Tagapag-silbi ng Lahat

(Pambungad na Panalangin)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Is 50:4-7)

Ang Kabutihan ng Diyos

⁴Ang Makapangyarihang Panginoon ang nagturo sa akin ng sasabihin ko, para tulungan ang mahihina. Tuwing umaga’y kanyang binubuksan ang aking pandinig. Nananabik akong malaman kung ano ang ituturo niya sa akin.

Pagtalima ng Isang Alagad

⁵Binigyan niya ako ng pang-unawa, hindi ako naghimagsik ni tumalikod sa kanya. ⁶**Hindi ako tumutol nang bugbugin nila ako, hindi ako kumibo nang ako’y kanilang insultuhin. Pinabayaan ko silang bunutin ang buhok ko’t balbas, gayon din nang lurhan nila ako sa mukha.**

Ang Kabutihan ng Diyos

⁷Ang mga pagdustang ginawa nila’y di ko pinapansin, pagka’t ang Makapangyarihang Panginoon ang tumutulong sa akin. Handa akong magtiis na sampaling parang bato pagka’t aking batid na ang sarili ko’y di mapapahiya.

Tema: **Pagkamasunurin**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay hango sa isang kanta ng nagdurusang alipin.
 - Pinag-uusapan naman sa b. 4, ang kabaitan ng Diyos sa kanyang alipin na siyang nagbigay ng kakayahan sa kanyang labi upang masambit niya ang dapat niyang sabihin, nang sa gayon makapagbigay inspirasyon at kalakasan ng loob, sa mga mahihina; at ang isa pang kaloob ng Diyos



ay ang kakayahan sa pag-unawa ng kanyang mga mensahe tulad ng kanyang mga disipulo.

-Ang bb. 5-6 naman ay tumutukoy sa nagdurusang alipin na malugod na tinatanggap ang mga pisikal na pananakit na ginagawa sa kanya. Hindi man lamang siya naghimagsik laban sa umaalipusta sa kanya. Sa halip, siya ay buong diwa at pusong, nagpa-ubaya na lamang sa Diyos, mula sa lahat ng mga ito.

- Sa b.7 naman ay makikita ang dahilan kung bakit hindi tinatalikuran at pinapansin ng alipin ang kanyang mga kaaway at kung bakit din hindi niya ipinagtatanggol ang kanyang sarili. Ang pinaka-dahilan niya ay ang paniniwalang: “Pagkat ang makapangyarihang si YHWH ang tumutulong sa akin”

- Sa kanyang pagdurusang batid ng alipin na hindi siya mapapahiya.

SALMONG TUGUNAN (Slm 21)

DIYOS KO! DIYOS KO! BAKIT NAMAN AKO’Y ’YONG PINABAYAAN.

IKALAWANG PAGBASA (Fil 2:6-11)

Pagbababang-loob ni Hesus

⁶Si Kristo Hesus bagamat siya’y Diyos ay hindi nagpilit na manatiling kapantay ng Diyos, ⁷bagkus hinubad niya ang lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao at namuhay na isang alipin. Nang maging tao, ⁸siya’y nagpakababa at naging masunurin hanggang kamatayan, oo, hanggang kamatayan sa krus.

Itinampok si Hesus

⁹Kaya naman, siya’y itinampok ng Diyos ¹⁰at binigyan ng pangalang higit sa lahat ng pangalan. Anupa’t ang lahat ng nilalang na nasa langit, nasa lupa, ¹¹at nasa ilalim ng lupa ay maninikluhod at sasamba sa kanya. At ipapahayag ng lahat na si Hesu-Kristo ang Panginoon, sa ikarangal ng Diyos Ama.

Tema: **Ang Pagpakumbaba (loob) ni Kristo**

PAGPAPALIWANAG

- Ang teksto ay naglalarawan ng malalim na paghinilay ni San Pablo kaugnay ng misteryo ni Kristo.
- Ito ay nahahati sa dalawang bahagi: bb.6-8 – tinatalakay dito ang pagbibigay ni Hesus ng kanyang buong sarili, sa pamamagitan ng pag-iwan Niya ng lahat ng katangian ng pagka-Diyos, nagkatawang-tao, nagpakababa hanggang sa punto ng kamatayan sa Krus, at doon namatay at tinuringang isang kriminal. Si Hesus, ay isinuko ang kanyang sarili sa pinakamababang uri ng kahihiyang at kawalan ng karangalan. Sagad ang kanyang pagpapakababa ng loob; bb. 9-11- sa bahagi namang ito ay isinasaad ang gantimpalang nakamit ni Hesus, dahil sa Kanyang sagad na kababaan ng loob:
 - Pangalang higit pa sa lahat ng pangalan, ang bawat nilalang ay maninikluhod sa kanya at ang bawat isa’y ipapahayag—“Si Kristo Hesus ang Panginoon.”
- Naintindihang maigi ni Pablo ang kahulugan ng misteryo ni Hesus. Pinalawak niya ang kahulugan ng pagkakatawang tao ni Hesus, ang buong-kagustuhan at puso Niyang paghandog ng buong sarili sa Kalbaryo, at ang Kanyang gantimpalang mabuhay na mag-uli.

MABUTING BALITA (Lc 23:1-49)

Ang Paratang

T - ¹Noong panahong iyon, tumindig ang matatanda

ng bayan, ang mga punong saserdote, at ang mga eskriba. Dinala nila si Hesus kay Pilato. ²Sinimulan nilang paratangang si Hesus,

B - ³⁻⁴ANG TAONG ITO’Y NAHULI NAMING NANUNLSOL SA AMING KABABAYAN NA MAGHIMAGSIK, AT NAGBABAWAL NG PAGBABAYAD NG BUWIS SA CESAR. PINAPANIWALA PA NIYA ANG MGA TAO NA SIYA ANG KRISTO, ISANG HARI.”

Wala Siyang Kasalanan ani Pilato

T - “Tinanong ni Pilato si Hesus,

P - “*Ikaw ba ang Hari ng mga Judio?*”

T - Tumugon si Hesus,

H - “**Kayo na ang nagsasabi.**”

T - ⁴Sinabi ni Pilato sa mga punong saserdote at sa mga tao,

P - “*Wala akong makitang kasalanan sa taong ito.*”

Patuloy na Paratang

T - ⁵Ngunit nagpilit sila at nagwika,

B - “SA PAMAMAGITAN NG KANYANG MGA TURO’Y INUUDYUKAN NIYANG MAGHIMAGSIK ANG BUONG JUDEA. NAGSIMULA SIYA SA GALILEA AT NGAYO’Y NARITO NA.”

Sakop ni Herodes (si Hesus ay taga Galilea at ‘di Judea)

T - ⁶Nang marinig ito ni Pilato, itinanong niya kung taga-Galilea si Hesus. ⁷At nang malamang siya’y mula sa nasasakupan ni Herodes, kanyang ipinadala siya sa taong ito na noon nama’y nasa Jerusalem. ⁸Tuwang-tuwa ito nang makita si Hesus. Marami na siyang nabalitaan tungkol dito at matagal na niyang ibig makita. Umaasa siyang gagawa ito ng kababalaghan at ibig niyang makita iyon. ⁹Kaya’t itinanong niya nang itinanong si Hesus, ngunit hindi ito sumagot kaunti man.

Paratang ng mga Punong Saserdote at Eskriba

¹⁰Naroon ang mga punong saserdote at ang mga eskriba na walang tigil ng kapapatang kay Hesus. ¹¹Hinamak siya at tinuya ni Herodes, pati ng kanyang mga kawal. Sinuutan siya ng maringal na damit at ipinabalik kay Pilato.

Herodes at Pilato: Wala siyang sala

¹²At nang araw ding iyon, naging magkaibigan sina Herodes at Pilato na dati’y magkagalit. ¹³Ipinatawag ni Pilato ang mga punong saserdote, ang mga pinuno ng bayan, at ang mga tao, ¹⁴at sinabi sa kanila,

P - “*Isinakdal ninyo sa akin ang taong ito sa kasalananang panunulsol sa mga tao. Ngayon, siniyasat ko siya sa harapan ninyo, at napatunayan kong walang katotohanan ang mga paratang ninyo sa kanya.* ¹⁵Gayon din si Herodes, kaya si Hesus ay ipinabalik niya sa akin.

Hindi siya dapat hatulan ng kamatayan—wala siyang kasalanan. ¹⁶Kaya't ipahahagupit ko lamang siya saka palalayain."

T - ¹⁷Tuwing Paskuwa, kinakaila-ngang magpalaya si Pilato ng isang bilango para sa kanila. Subalit sabay-sabay na sumigaw ang madla,

Palayain si Barrabas at Ipako sa Krus si Hesus

B - ¹⁸"PATAYIN ANG TAONG IYAN! PALAYAIN SI BARRABAS!"

T - ¹⁹Nabilango si Barrabas dahil sa paghihimagsik na nangyari sa lunsod at dahil sa pagpatay. ²⁰Minsan pang nagsalita sa kanila si Pilato, sa pagnanais na mapalaya si Hesus; ²¹ngunit sumigaw ang mga tao,

B - "IPAKO SA KRUS! IPAKO SIYA SA KRUS!"

T - ²²Ikatlong ulit na sinabi sa kanila ni Pilato,

P - *"Bakit, anong ginawa niyang masama? Wala akong makitang dahilan upang siya'y ipapatay. Ipahahagupit ko na lamang siya at saka palalayain."*

Bumigay si Pilato

T - ²³Datapwat lalo nilang ipinagsigawan na dapat ipako si Hesus sa krus at sa wakas ay nanaig ang kanilang sigaw. ²⁴Kaya't ipinasya ni Pilato na pagbigyan ang kanilang kahilingan. ²⁵Pinalaya niya ang taong nabilango dahil sa paghihimagsik at pagpatay, ayon sa hinihingi nila, at ibinigay sa kanila si Hesus upang gawin ang kanilang kagustuhan.

Si Simon na taga-Cirene

²⁶Nang dala na nila si Jesus upang ipako, nasalubong nila ang isang lalaking galing sa bukid. Ito'y si Simon na taga-Cirene. Pinigil nila ito at ipinapasan sa kanya ang krus, kasunod ni Hesus.

Sumusunod na Madla

²⁷Sinusundan si Hesus ng maraming tao, kabilang ang mga babaing nananaghoy at nananambitan dahil sa kanya. ²⁸Nilingon sila ni Hesus at sinabi sa kanila,

H - "Mga kababaihan ng Jerusalem, huwag ninyo akong tangisan. Ang tangisan ninyo'y ang inyong sarili at ang inyong mga anak. ²⁹Tandaan ninyo: darating ang mga araw na sasabihin nila, 'Mapalad ang mga baog, ang mga sinapupunang hindi nagdalantao, at ang mga dibdib na hindi nagpasuso.' ³⁰Sa mga araw na iyo'y sasabihin ng mga tao sa mga bundok, ³¹'Gumuho kayo sa amin!' at sa mga burol, 'Tabunan ninyo kami!' Sapagka't kung ganito ang ginagawa sa kahoy na sariwa, ano naman ang gagawin sa tuyo?"

Dalawang Salarin at ang Pagpako sa Krus

T - ³²May dinala pa silang dalawang salarin upang pataying kasama ni Hesus. ³³Nang dumating sila sa da-

kong tinatawag na Bungo, ipinako nila sa krus si Jesus. Ipinako rin ang dalawang salarin, isa sa gawing kanan at isa sa gawing kaliwa. ³⁴Sinabi ni Hesus,

Ang Dasal ni Hesus

H - "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."

Mga Libak mula sa iba't ibang Grupo

T - Nagsapalaran sila upang malaman kung alin sa kanyang kasuutan ang mapupunta sa isa't isa. ³⁵Ang mga tao'y nakatayo roon at nanonood; nililibak naman siya ng mga pinuno ng bayan. Sinabi nila:

B - "INILIGTAS NIYA ANG IBA; ILIGTAS NAMAN NIYA NGAYON ANG KANYANG SARILI, KUNG SIYA NGA ANG MESIYAS, ANG HINIRANG NG DIYOS!"

T - ³⁶Nilibak din siya ng mga kawal, nilapitan at inalok ng maasim na alak. ³⁷Sinabi nila,

B - "KUNG IKAW ANG HARI NG MGA JUDIO, ILIGTAS MO ANG IYONG SARILI."

T - ³⁸Naroon ding nakasulat sa ulunan ni Hesus sa wikang Griego, Latin at Hebreo ang, "Ito ang Hari ng mga Judio." ³⁹Tinuya siya ng isa sa mga salaring nakabitin, na nagwika,

P - *"Hindi ba ikaw ang Mesiyas? Iligtas mo ang iyong sarili, pati na kami!"*

Ang Mabuting Magnanakaw; Lumapit kay Hesus

T - ⁴⁰Subalit pinagsabihan siya ng kanyang kasama, **P** - *"Hindi ka ba natatakot sa Diyos? Ikaw ma'y pinarurusahang tulad niya! ⁴¹Matuwid lamang na tayo'y parusahan nang ganito dahil sa ating mga ginawa; ngunit ang taong ito'y walang ginawang masama."*

T - ⁴²At sinabi niya kay Hesus,

P - *"Hesus, alalahanin mo ako kapag naghahari ka na."*

Ang Pangako

T - ⁴²Sumagot si Jesus,

H - ⁴³"Sinasabi ko sa iyo: ngayon di'y isasama kita sa Paraiso."

T - ⁴⁴Nang mag-iikalabindalawa ng tanghali, nagdilim sa buong lupain hanggang sa ikatlo ng hapon. ⁴⁵Nawalan ng liwanag ang araw; at ang tabing ng templo'y napunit sa gitna. ⁴⁶Sumigaw nang malakas si Hesus,

H - "Ama, sa kamay mo'y ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu!"

T - At pagkasabi nito, nalagot ang kanyang hininga.

(Luluhod ang lahat at magninilay)

Ang mabuting Kapitan; Pagsisisi ng mga Tao

T - ⁴⁷Nang makita ng kapitan ang nangyari, nagpuri siya sa Diyos at sinabing,

P - *“Tunay ngang matuwid ang taong ito!”*

T - ⁴⁸Ang nangyaring ito’y nakita ng lahat ng taong nagkakatipon at nagmamasid; at umuwi silang dinadagukan ang kanilang dibdib. ⁴⁹Nakatayo naman sa di-kalayuan ang mga kaibigan ni Hesus, pati ang mga babaing sumunod sa kanya mula sa Galilea, at nakita rin nila ang mga bagay na ito.

Tema: **Si Hesus ay ang walang Kapares na Mesias.**

PAGPAPALIWANAG/PAGNINILAY

Mula sa ating pamantayan, hindi nagkaroon ng patas na pag-hukom para kay Hesus.

Si Hesus ay walang katotohanang pinaratangan ng mga relihiyosong lider ng mga tao. Pinapadali nilang gumawa ng desisyon si Pilato upang hatulan ng kamatayan si Hesus.

Si Herodes at Pilato naman ay nag-aalinlangang hatulan ng kamatayan si Hesus. Paulit-ulit nilang napagtanto na walang ano mang krimeng ginawa si Hesus.

Subalit ang tinig ng mga punong saserdote, mga pinuno ng bayan, at ng mga tao ay palakas ng palakas hanggang sa bumigay din si Pilato ayon sa kanilang kagustuhan.

Gaano kalakas kaya ang inabot ng kanilang pagsigaw na napabago nito ang desisyon ni Pilato?

Pinakinggan ni Pilato ang mga malalakas nilang tinig. Wala siyang pakialam kay Hesus. “Sino ba siya?”

Ang hindi interesadong mga awtoridad ay madaling madala sa desisyon ng mga matiyagang nagsisisigaw na mga tao, na pinangungunahan ng mga relihiyosong lider.

Madaling mahatulan ang isang inosenteng tao.

II. PAG-UUGNAY

Ang Unang Pagbasa ay naglalarawan tungkol sa nagdurusang alipin ng Panginoon. Buong kababaang-loob niyang tinanggap ang pang-aapi ng kanyang mga kaaway. Ang Ikalawang Pagbasa naman ay patungkol sa sagad na pagsuko ni Hesus sa kagustuhan ng kanyang Ama (na maging isang tao at mamatay sa krus). Samantala, ang ating Ebanghelyo naman ay nagpapakita sa pagsunod

ni Hesus hanggang sa magdusa ang kanyang sarili mula sa di-makatarungang hukom, sistema, at mga tao.

**Pagpapaliwanag: Fr. Cielo Almazan, OFM
-Isinalin ni Cl. Gleindolf T. Cadiz, SSP**

(Pangwakas na Panalangin)

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara nang sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa Iyo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa aming sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinasalamatan dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maalaala sana namin at mapangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagnilay-nilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, maawa Ka sa amin.

Luwalhati... (mula sa *Prayers of the Pauline Family*)